


Ang Long COVID at rehabilitasyon



World
PT Day
2021



Ang isang physiotherapist o physical therapist (PT) ay makakatulong mapangalagaan ang antas ng aktibidad para sa isang indibidwal na may Long COVID, na mayroong pagsasaalang-alang sa pacing o tulin ng lakad ng aktibidad at pagbantay/monitor sa tibok ng puso.



Ang activity management o ang pagsasaalang-alang sa pacing o tulin ng lakad ng aktibidad at ehersisyo ay isang pangangalagang ligtas at mabisa para matugunan ang lubhang pagkapagod (fatigue) at post-exertional symptom exacerbation (PESE) o paglala ng sintomas pagkatapos ng pagkilos/paggalaw. Ang pag-monitor ng tibok ng puso o pulso ay mainam at epektibo na tugon para sa nararanasan na lubhang pagkapagod at PESE.

Ang graded exercise therapy ay hindi dapat gamitin, lalo na kapag ang tao ay mayroong post-exertional symptom exacerbation o ang paglala ng sintomas pagkatapos ng pagkilos/paggalaw.



World
Physiotherapy

www.world.physio/wptday